LUNGSOD NG CALAMBA 1742 2001 LAGUNA

CALAMBALITA

Vol. 3 No. 003

April 15, 2019 Bilang 24

# 9 na Awards, Ani sa Calamba sa Anilag 2019

Siyam (9) na awards, kabilang na ang 1st Place sa 3D Art Painting Contest, Little Miss Anilag at Dance Revolution ang hinakot ng Lungsod ng Calamba sa katatapos na Anilag Festival 2019. Ikinatuwa ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco ang mga naging tagumpay ng kanyang mga kababayan sa pagharap ng mga ito sa Flag Raising Ceremony noong Lunes, 11 Marso 2019.

Nanalo sina Alvin Manalo at mga kasama ng Grand Prize sa 3d Art Painting Contest habang 3rd Placer naman sina Jeffrey Ofalsa at mga kasama. Itinanghal namang title holder ng Little Miss Anilag si Herly Zianne P. Mariano.

Kampeon naman sa Dance Revolution ang Altas Fusion Krew, isang grupo ng hiphop dancers buhat sa University of Perpetual Help Dalta System – Calamba Campus. Ayon kay Bb. April Violet Cubilla, Performing Art Coordinator ng UPHS Calamba, pinaghandaan ng husto ng mga bata ang naturang kompetisyon at humanga siya sa ipinakitang dedikasyon at tibay ng loob ng mga bata. Aniya, hindi kataka-taka na mag kampeon ang mga ito dahil sa ipinakita nilang kahusayan sa pagsayaw. Ikinatuwa ng mga opisyal at empleyado ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba ang naging performance ng Altas Fusion Krew nitong nakaraang Lunes.

Nasungkit naman ng Calamba Integrated School and 3rd Place sa Street Dance Competition na ikinatuwa ng marami. Ani Bb. Ma. Elena Jocson, "Hindi namin inexpect na manalo sa Street Dancing Competition dahil lahat ng kalahok ay puro magagaling kaya't laking tuwa naming lahat ng matawag ang Calamba bilang 3rd Placer."

Narito ang iba pang nagkamit ng karangalan sa ibat-ibang patimpalak ng Anilag 2019:

Kate Audrey Barahil
2nd Place, Anilag Singing Idol – Kids Category

Julian Roman Bautista at Cherrylyn Mijares
2nd Place, Culinary Arts and Bartending Competition

Daniela Torres
2nd Place, Gandang Lola

Mariel Fajilan
3rd Place, Laguna Lesbian King

Ang Anilag Festival ang opisyal na taunang festival ng Lalawigan ng Laguna na nilalahukan ng lahat ng Lungsod at bayan ng Laguna.

*-Joel Cabactulan*



DANIELA T. TORRES
GANDANG LOLA - 2ND PLACE




HERLY ZIANNE P. MARIANO
LITTLE MS. ANILAG




KATE AUDREY BARAHIL KIDS SINGING IDOL - 2ND PLACE

CALAMBA INTEGRATED SCHOOL (BAÑADERO)
STREET DANCE - 3RD PLACE

ALTAS FUSION KREW
DANCE REVOLUTION - CHAMPION

# SERBISYO CARAVAN SA BARANGAY SAN CRISTOBAL AT BANLIC, DINAGSA





Sa kauna-unahang pagkakataon ay nagsagawa ng Serbisyo Caravan sa Brgy. San Cristobal kung saan kasama din ang Brgy. Banlic na dinagsa ng mga mamamayan noong 20 Marso 2019. Ang Serbisyo Caravan ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pangunguna ni Mayor Justin Marc SB. Chipeco, Vice Mayor Roseller H. Rizal at Sangguniang Panlungsod ay ramdam ng taumbayan dahil sa tuloy tuloy na serbisyo at malasakit sa bawat barangay ng Calamba.

Ramdam ng tao ang pagmamahal ng Pamahalaang Panlungsod dahil libre ang lahat ng serbisyong hatid ng pamahalaang Lungsod ng Calamba tulad ng gupit, manicure / pedicure, mga gamut, pagrerehistro ng mga batanga di naparehistro, payong legal, seminar ng pagnenegosyo, bakuna ng mga alagang hayop, bunot ng ngipin, ECG, medical, masahe at mayroon ding Job Fair kung saan 5 kumpanya ang lumahok, 35 aplikante, 14 ang hired on the spot. Nagbigay naman ng Persons with Dissability (PWD) ng wheelchair at saklay.

Sa mensahe ni Mayor Timmy Chipeco, pinasalamatan niya ang lahat ng dumalo kahit mainit ang panahon. Aniya, ang Serbisyo Caravan ay ang pagbababa ng serbisyo ng pamahalaan sa mga mamamayan. Matatandaang mula ng umupo bilang mayor si Mayor Timmy Chipeco tuwing dalawang lingo ay nagkakaroon ng Serbisyo Caravan sa bawat barangay at patuloy itong ginagawa ng administrasyon. *(Joel Cabactulan)*






# PRANGKISA NG TRAYSIKEL

# PATALASTAS




*Ang Pamahalaang Panlungsod ng Calamba ay magkakaroon ng pagbibigay ng prangkisa ng traysikel upang mapunuan ang mga nakanselang prangkisa noong nakaraang taon.*

*Ito ay ibabase sa itinakdang bilang ng slots na ibinigay sa bawat Barangay at naaayon sa alituntunin at regulasyon sa pagbibigay ng prangkisa na naaprubahan ng Calamba City Traffic Management and Tricycle Franchising Council (TMTFC)*

***Kung mayroon tanong, pumasyal sa Tricycle Franchising Division, o tumawag sa Telephone: (049) 545-6789, local 8102***

**Marso 4 - Abril 30, 2019**

**Tricycle Franchising Division (TFD-BPTFO), GF, Calamba City Hall Complex**

## MGA ALINTUNTUNIN AT REGULASYON SA PAGBIBIGAY AT PAGPUPUNO NG MGA NAKANSELANG PRANGKISA O MGA AVAILABLE TRICYCLE FRANCHISE SLOTS

1. ANG PAGBIBIGAY AT PAGPUPUNO NG PRANGKISA SA LIMANG (5) SONA, AY SABAY-SABAY.
2. PRIORITY SA PAGBIBIGAY NG PRANGKISA, ANG MGA TRICYCLE OPERATOR NA WALA PANG RECORD SA BPTFO-TRICYCLE FRANCHISING DIVISION AT MIYEMBRO NG ISANG TODA NA MAY PERMIT SA PAMAHALAANG PANLUNGSOD.
3. "FIRST COME, FIRST SERVE" BASIS ANG PAGBIBIGAY NG PRANGKISA. ITO AY IBABASE SA ITINAKDANG BILANG NA FRANCHISE SLOT SA BAWAT BARANGAY.
4. HANGGANG 10,000 LAMANG AT HINDI NA HIHIGIT PA ANG ITINAKDANG SUKDULANG TAAS NG NUMERO NG PRANGKISA SA SIYUDAD NG CALAMBA.
5. ANG IBIBIGAY NA PRANGKISA AY MAY BISA HANGGANG TATLONG (3) TAON AT MAARI ITONG MAI-RENEW PARA SA PANIBAGONG TATLONG (3) TAON DEPENDE KUNG NASA GOOD STANDING ANG OPERATOR.
6. ISANG PRANGKISA LAMANG ANG IBIBIGAY SA ISANG OPERATOR O APLIKANTE.
7. DAPAT AY MAYROONG INITIAL L.T.O. CERTIFICATE OF REGISTRATION (C.R.) AT OFFICIAL RECEIPT (O.R), NA REHISTRADO SA TAONG 2018 PABABA, ANG TRAYSIKEL NG APLIKANTE. ANG LAHAT NG TRAYSIKEL NA REHISTRADO SA L.T.O. NGAYONG ENERO, 2019 HANGGANG SA KASALUKUYAN AY HINDI NA TATANGGAPIN.
8. DAPAT AY MAYROONG TAMANG TARIPA NA NAKAPASKEL SA LOOB NG TRAYSIKEL NA NAAAYON SA CITY ORDINACE O ITINAKDANG PASAHE O MINIMUM FARE NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD.
9. ANG MGA NAIBIGAY NA PRANGKISA AY HINDI MAARING ISALIN O ILIPAT SA IBANG SONA.
10. AT PARA SA MAPAPASO O MAE-EXPIRED ANG PRANGKISA, MAY PALUGIT NA ANIM (6) NA BUWAN UPANG ITO AY MAIRENEW. ANG PRANGKISA NA HINDI NAIRENEW SA ITINAKDANG PALUGIT AY MAWAWALAN NA NG BISA O KANSELADO NA.
11. KAILANGANG ILAGAY ANG PANGALAN AT NUMERO NG TELEPONO O CELLPHONE NG OPERATOR NG TRAYSIKEL SA LOOB NG WINDSHIELD NG KANYANG TRAYSIKEL.

## MGA BABAYARAN PARA SA PRANGKISA:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Para sa tatlong (3) taon: | | | |
| Application Fees: | | | |
| a) Registration fee | Php | 180.00 | |
| b) Legal Research Fund | | 15.00 | |
| c) Certification Fee | | 15.00 | 210.00 |
| Annual Fees: | | | |
| a) Mayor's Permit fee | Php | 60.00 | |
| b) Inspection Fee | | 30.00 | |
| c) Validation Sticker | | 75.00 | |
| d) Supervision Fee | | 80.00 | |
| Total | Php | 245.00 | |
| Total (245 x 3 years) | | | 735.00 |
| Body Sticker | | | 575.00 |
| **TOTAL** | | | **Php 1,520.00** |

**Ang Business permits and Tricycle Franchising Office (BPTFO) ang mamamahala sa proseso at pagpapatupad ng mga alituntunin at regulasyon sa pagbibigay at pagpupuno ng Tricycle Franchise Slots. Gayon din sa pagbibigay at pagkakalat ng mga impormasyon sa mga kinauukulan, bago ito ipatupad. Katulong ang tanggapan ng Public Order and Safety Office (POSO) AT Sectoral Affairs Office.**

*** Ang desisyon at regulasyon sa pagbibigay at pagpupuno sa mga susunod pang magiging available slot para sa prangkisa, ay naayon sa Punong Lungsod o ng Traffic Management and Tricycle Franchising Council (TMTFC) ng siyudad ng Calamba.**

**Ang pagbibigay at pagpupuno ng mga Tricycle Franchise slots ay ipatutupad dalawang (2) linggo matapos ipagtibay ng Traffic Management and Tricycle Franchising Council.**

**Pinagtibay: Ika 19 ng Pebrero, 2019.**


## MGA KAILANGANG ISUMITE SA BPTFO:

1. **BARANGAY REGISTRATION**
2. **L.T.O. CERTIFICATE OF REGISTRATION (C.R.) AT LATEST NA OFFICIAL RECEIPTS (O.R)**
3. **SERTIPIKASYON NA MIYEMBRO NG ISANG T.O.D.A.**
4. **SEDULA NG OPERATOR (Photocopy)**
5. **DRIVER'S LICENSE NG ITINAKDANG DRIVER (Photocopy)**
6. **MGA DOKUMENTONG MAGPAPATUNAY SA PAGMAMAY-ARI NG TRAYSIKEL (Kung ang C. R. At O.R. hindi na nakapangalan sa aplikante)**
7. **SERTIPIKASYON O PAGPAPATUNAY MULA SA INSTITUSYON NA NGPAUTANG (Kung ang traysikel o Motorsiklo ay hinuhulugan pa lamang)**



# TUGON

*Strengthening people's participation in legislative governance*




A wise woman once said that in order to be effective, be responsive; and in order to be responsive, listen. Maaari nating sabihin na sa mga katagang ito hinugot ang salitang TUGON o pagtugon na nangangahulugang sagot o reaksyon at "response" naman sa Ingles.

Sabi nga nila, responsiveness is one of the keys to future success. Kaya sa pangunguna ng ating Pangalawang Punong Lungsod, ang lokal na sanggunian ay nag-organisa ng isang grupo na kinabibilangan ng 54



barangay secretaries at iba't ibang accredited Non-Government Organizations (NGOs), Civil Society Organizations (CSOs) at People's Organizations (POs) sa Lungsod ng Calamba upang magkaroon ng regular na feedback mechanism. Tinawag itong TUGON.

Ang TUGON ay maaaring magbigay ng kanilang mga komentaryo at rekomendasyon kaugnay ng mga lehislasyong kinakailangan maging ukol sa mga ordinansa o kautusang naaprubahan at ipinatupad sa Lungsod ng Calamba. Ang mga komentaryo at rekomendasyon namang ito ay masusing pinag-aaralan ng buong Sangguniang Panlungsod para sa nararapat na lehislatibong aksyon.






Naniniwala ang Pamahalaang Lokal na sa pamamagitan ng epektibong feedback mechanism na ito ay mas mabibigyan ng halaga ang boses ng mga Calambeño sa pagbuo ng batas. Mahalagang bahagi rin para sa pagpapalakas ng tiwala ng mamamayan sa pamahalaan ang agarang pagTUGON sa anumang pangangailangan ng Lungsod.



# Taunang Fire Olympics, Iwas Sunog ang Hatid

**TEMA: Ligtas na Pilipinas Ating kamtin, Bawat Pamilya Ay Sanayin, Kaalaman Sa Sunog Ay Palawakin**

Nagtapos noong 29 Marso 2019 ang ikapitong Mayor Timmy Chipeco Urban Fire Olympics (UFO) na ginanap sa Dr. Jose Rizal Plaza. Nilahukan ng 14 na team mula sa Industrial Sectors, 21 mula sa Barangay at lima (5) mula sa Non-Government Offices na kung saan nagpakita ang mga ito ng kanilang galing at talento sa bawat event per category.

Sinimulan ito sa pamamagitan ng parada na pinangunahan ng City Brass Band sa ganap na ikapito ng umaga. Pinangunahan ang nasabing okasyon ng ating Punong Lungsod Justin Marc "Timmy" Chipeco, Regional Director 4A CSupt Jesus P Fernandez, ARDO Supt Antonio O Sobejana IV, Supt Annalee Carbajal Atienza, Konsehal Saturnino Lajara, Konsehal Cha Hernandez at ABC President Larry Dimayuga. Katuwang din ng Calamba City Fire Station ang kanilang mga On the Job Trainees (OJTs) mula sa Tanauan Institute at University of Perpetual Help System Dalta (UPHSD). Sinundan ito ng pagpapakilala sa mga muses ng bawat kategorya at pagbibigay ng mga sertipiko, plake at cash prizes. *(FO3 Sheila Jill Manaig / Cecil Canillas)*






### INDUSTRIAL CATEGORY

**MISS UFO** -*Snowmary Dela Cruz (Asurion TCP)*
**Best in Uniform**-*Hino Motors Inc.*
**Most Disciplined team**-*Suzuki Phils. Inc.*
**Event I**
**Rescue and Transfer Relay**
**Champion:** *Microchip Tech. Opns.*
**Event II**
**Combination of Busted Hose and Up the Ladder**
**Champion:** *Yazaki Torres - Mfg*
**Event III**
**Flammable Liquid Fire Extinguishment**
**Champion:** *Yazaki Torres - Mfg*

**Overall Champion:** *Yazaki Torres Mfg*
**1st Runner Up:** *Microchip Tech Opns.*
**2nd Runner Up:** *Samsung Electro-Mechanics Phils.*

### BARANGAY CATEGORY

**MISS UFO** - *Angela Alagar (Brgy. Palingon)*
**Best in Uniform**- *Brgy. Batino*
**Most Disciplined team**- *Brgy. Bubuyan*
**Event I**
**Busted Hose**
**Champion:** *Brgy. Sirang Lupa*
**Event II**
**Bucket Relay**
**Champion:** *Brgy. 3*

**Event III**
**Flammable Liquid Fire Extinguishment**
**Champion:** *Brgy. Bañadero*

**Overall Champion:** *Brgy. Barandal*
**1st Runner Up:** *Brgy. Bañadero*
**2nd Runner Up:** *Brgy. Batino*

***HALL OF FAMER : BARANGAY MAJADA OUT***

### BARANGAY CATEGORY

**MISS UFO** - *Kyla Rose Macaredo (Kabayan Action Group)*
**Best in Uniform**-*Federation Of Calamba City Riders*
**Most Disciplined team**- *SRRT - Vice Squad*
**Event I**
**Busted Hose**
**Champion:***Federation of Calamba City Riders*
**Event II**
**Bucket Relay**
**Champion:** *SRRT - Vice Squad*
**Event III**
**Flammable Liquid Fire Extinguishment**
**Champion:***Federation of Calamba City Riders*

**Overall Champion:** *Federation of Calamba City Riders*
**1st Runner Up:** SRRT - Vice Squad
**2nd Runner Up:** KBNEt Malaya Inc.









### UFO OBJECTIVE

Fire extinguishment, establish camaraderie, preparedness and prevention for any fire incident. Volunteers serving as first responders with ample knowledge on fire extinguishment.




# SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 8 | | | 9 | 3 | | | | 2 |
| | | 9 | | | | | 4 | |
| 7 | | 2 | 1 | | | 9 | 6 | |
| 2 | | | | | | | 9 | |
| | 6 | | | | | | 7 | |
| | 7 | | | | 6 | | | 5 |
| | 2 | 7 | | | 8 | 4 | | 6 |
| | 3 | | | | | 5 | | |
| 5 | | | | 6 | 2 | | | 8 |

answer is on the next issue . . .



# MAY 2019 ELECTIONS
## Calendar of Activities
### CITY OF CALAMBA

**MAY 13, 2019 MONDAY** — **ELECTION DAY**




**LIQUOR BAN**
May 12 - May 13
2019



**CAMPAIGN BAN**
May 12 - May 13
2019



**GUN BAN**
January 13 - June 12
2019

| DATE | ACTIVITIES |
|---|---|
| Feb. 12, 2019 - May 11, 2019 | Campaign period for Senators and party-list groups |
| March 30, 2019 - May 11, 2019 | Campaign period for members of the House of Representatives, regional, provincial, city, and municipal officials |
| June 12, 2019 | Deadline for filing of Statement of Contributions and Expenditures (SOCE) |

IIPESO CALAMBA
Information, Investment Promotions & Employment Services Office



# City of Calamba DIRECTORY 545-6789

OFFICE | LOCAL NO.

**MAYORS OFFICE 8307 / 8306**
545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225
**OSCA** 576-4963 **SECTORAL** 8213

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO
CITY MAYOR

## HON. ROSELLER H. RIZAL
CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 **VMO Extension** 8315 **VMO Staff** 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. LARRY DIMAYUGA | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**ICT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222

**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895


# CALAMBALITA
## EDITORIAL BOARD

**NOEMI E. TALATALA**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*


*Staff Writers:*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES,**
**JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN**
**INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*

**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/




https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba



https://www.facebook.com/Cciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/







